



ANG

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Bayan

Tomo XLVII Blg. 5

Marso 7, 2016

www.philippinerevolution.net

Editorial

Kababaihan, kumilos at labanan ang neoliberalismo!

Ang Marso 8 ay ipinagdiriwang sa buong mundo upang pahalagahan ang papel ng kababaihan sa lipunan at pakikibaka. Ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis ay unang idineklara noong 1911 ng mga sosyalistang partido. Panawagan ito para sa militanteng pakikibaka ng kababaihan, kasama ng masang anakpawis, laban sa pagsasamtala at pang-aapi sa ilalim ng imperyalismo sa malaking bahagi ng nagdaang siglo.

Subalit sa nagdaang tatlong dekada, anumang naipagtagumpay na ng masang anakpawis at kababaihan sa kanilang sandaan-taong pakikibaka para sa kanilang karapatan at laban sa kapitalistang sistema, ay binabakbak ng neoliberal na globalisasyon. Ito'y walang iba kundi ang mas matindi at mas malayang panghuhuthot ng mga imperyalista ng supertubo mula sa anakpawis sa buong daigdig, laluna sa mga atrasadong bansa.

Ipinataw nito ang mga patakarang ng liberalisasyon, pribatisasyon, deregulasyon at denasyunalisasyon. Lalo nitong inilugmok ang mga bayan sa krisis at isinadlak ang masang anakpawis sa hirap at kaapihan. Ipinatupad ang patakarang pagkakaltas ng subsidyo sa mga serbisyong panlipunan

at inihantad nito sa dagdag na mga kahirapan at panganib ang mga bulnerableng sektor kabilang na ang kababaihan.

Kasabay ng kababaihan ang kalalakihan sa pagpasan sa mga kahirapang dulot ng pananalanta ng imperyalistang globalisasyon. Subalit higit kaysa sa kalalakihan ang nagiging pasanin ng kababaihan dahil mas matindi ang diskriminasyon sa kanila bunga ng mababang katayuan nila sa lipunan.

Sa tahanan, kadalasang sila ang inaasahang mag-asikaso sa mga anak at matatandang kaanak na hindi na kayang magtrabaho. Lalo pa itong nagiging mabigat na pasanin sa pagtalikod ng reaksyunaryong gubyerno sa mga serbisyong panlipunan. Dagdag sa inaasahang papel sa tahanan,

naghahanapbuhay rin sila upang makaambag sa kulang na kulang na kita ng kanilang asawa o ama.

May natatanging pokus ang neoliberal na globalisasyon sa pagwasak sa kilusang paggawa, kung saan napakarami ng kababaihan. Pinalaganap ang kontraktwalisasyon at iba't ibang anyo ng pleksibleng paggawa upang ibaba ang sahod, pahabain ang oras ng paggawa, bawasan ang mga benepisyo, at ipatupad ang pinakamalalang dimakataong pagtrato sa pagawaan. Tinarget na wasakin ang mga unyon upang pigilan ang paglaban ng mga manggagawa.

Pinakamarami sa mga biktima ng kontraktwalisasyon ay kababaihan, laluna sa kasagsagan ng krisis sa pinansya. Sila ang unang natatanggal at huling natatanggap sa trabaho. Binabata nila ang pinakamababang pasahod, kawalan ng mga benepisyo, kawalan ng proteksiyong sosyal at kawalan ng seguridad sa trabaho.

Humahaba ang oras ng pagtrabaho ng kababaihan upang makaabol sa tuluy-tuloy na pagtaas ng mga gastusin sa transportasyon, pagkain at iba pang batayang pangangailangan na bunsod ng deregulasyon ng maraming serbisyo. Tinitipid nila ang panggastos sa sarili para maidagdag sa badyet ng pamilya.

Papaliit ang bilang ng kababaihang kasapi ng unyon. Noong 1996, ang kababaihan ay 59.6% ng kasapiang, ngunit noong 2007 ay 34.2%



na lamang. Humigit-kumulang 80% ng halos isang milyong manggagawa sa mga *export processing zone* ay babae, laluna sa subsektor ng elektroniks. Bawal sa mga lugar na ito ang unyon at welga. Dito, hindi maipaglaban ang proteksyon ng kababaihan laban sa pambabastos at pang-aabusong sekswal at ang pangangalaga sa kanilang kalusugan. Kadalasan pa nga'y itinutulak sila ng kapitalista at kanyang mga galamay sa kagawiang "lay down or lay off" (pagbibigay ng pabor sa seks kapalit ng hanapbuhay).

Inianak ng neoliberalismo ang industriya ng "call center," na nag-eempleyo ng ilandaan libong kababaihan kung saan mahigit kalahati ay kababaihan. Pumipiga ang mga imperyalista ng malaking tubo mula sa kanila dulot ng mababang sahod kumpara sa katulad nilang mga manggagawa sa mga kapitalistang bansa. Dagdag dito, ang kanilang pagpasok sa alanganing mga oras sa gabi ay may malaking kapinsalaan sa kanilang seguridad, kalusugan at buhay pampamilya at panlipunan.

Mas maraming kababaihan ang nagiging malaproletaryado dahil handa silang pumasok sa mababang-klaseng trabaho upang maibuhay ang pamilya. Binubuo nila ang mahigit kalahati ng kababaihan may trabaho. Wala silang proteksyon o mga benepisy, at pinakatinatamaan sila ng pribatisasyon ng mga serbisyong panlipunan.

Ang kababaihan magsasaka ay ginigipit ng papalawak na kawalan ng lupang masasaka. Libu-libong ektarya ng mga lupang sakahan ang kinakamkam at ginagawang subdibisyon, *export processing zone*, *resort*, plantasyon, trosohan at minahan. Kasabay ng pagsira sa kalikasan, pinatataas ng monopolyong kapitalista ang presyo ng mga gamit pansaka at sadyang pinabababa ang presyo ng mga produktong agrikultural, laluna ng mga batayang pananim na pangkonsumo tulad ng palay at mais. Kinukulang ang pagkain at binabaha ang merkado ng mas murang mga produktong agrikultural mula sa ibang bayan.

Katuwang ng mga dating usurerong panginoong-maylupa ang



mga ahensyang pampinansya sa pagsasamantala sa kababaihang magsasaka. Lumalaganap ang usurerong mga *microfinancing* tulad ng SME Card na kababaihan ang pangunahing target sa pagpapautang. Katuwang ng mga usurerong ito ang mga ahensya ng gubyrno, mga imperyalista at burges-kumprador na korporasyon. Labis na mapangapi ang sistema sa pautang na *microfinancing* na ultimong isang tungkos na talbos ng kamote ay hindi maipakain sa pamilya dahil pambayad na ito sa lingguhang hulog.

Sa kawalan ng hanapbuhay, napipilitan ang kababaihan na mangibang-bayan bilang mga migranteng manggagawa. Mahigit kalahati ng dokumentadong migranteng manggagawa noong 2014 ay kababaihan. Nasa 83% ng manggagawang walang kasanayan at 56% ng manggagawa sa serbisyo ay kababaihan. Sila ang may pinakamababang ang sweldo at pinakabulnurable sa abuso.

Sa buong daigdig, milyun-milyon ang kababaihang biktima ng *trafficking* para sa prostitusyon at pang-aalipin sa trabaho, kabilang ang libu-libong kababaihang Pilipino. Sa halip na pangalagaan, ibinubugaw sila ng reaksyunaryong gubyrno kasapakat ng imperyalista upang makibahagi sa kanilang kita anuman ang datnan nilang trabaho roon.

Patuloy na pinalalaganap sa mga paaralan, masmidya at *social media* ang pagturing sa kababaihan bilang mga kalakal at bagay na pang-aluw. Hungkag ang ipinagmamalaki ng mga ahensya ng gubyrno at ilang kapanalig nila sa akademya na nakamit na ng kababaihan ang pagkakapantay-pantay dahil mas marami na diumano ang marunong magbasa at magsulat, at humahawak sila ng matataas na pusisyon sa gubyrno at korporasyon.

Wala na raw dahilan para sa organisadong protesta ng kababaihan. Inaalas ng imperyalismo at papet nitong mga estado ang rebo-

	
Tomo XLVII Blg 5 Marso 7, 2016	
<p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa www.philippinerevolution.net</p> <p>Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng <i>email</i> sa: cppinformationbureau@gmail.com</p>	
<h2>Nilalaman</h2>	
<p>Editorial: Kababaihan, kumilos at labanan ang neoliberalismo! 1</p> <p>Kababaihan at NSS 4</p> <p>19 na opensiba sa NEMR 5</p> <p>Pagsagka sa usapang pangkapayapaan 6</p> <p>Pamanang utang ni Aquino 7</p> <p>Pagbabalik ng mga Marcos sa poder 8</p> <p>Paggunita sa pag-aalsang EDSA 9</p> <p>Kampanya laban sa mga Marcos, ikinasa 9</p> <p>Kumpanya ng mina, tagapondo ni Roxas 10</p> <p>Presyo ng mais sa ComVal, naitaas 11</p> <p>Haran Compound, sinunog ng militar 11</p> <p>IMF, pinaburan ang Ukraine 11</p>	
<p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>	

lusyonaryo at militanteng diwa ng Araw ng Kababaihan at ginagawa itong simpleng araw ng mga papuri o parada tulad ng komersyalisadong Valentine's o Mother's Day.

Sa katunayan, sa patakarang pribatisasyon ng neoliberalismo, ipinagkakait ng rehimeng US-Aquino ang pinakabatayang serbisyong panlipunan sa kababaihan tulad ng pangangalaga sa kanilang kalusugang pangkasarian. Sa ngalan ng pagpapababa ng namamatay sa panganganak, ipinagbawal ang panganganak sa bahay upang obligado ang kababaihan sa mga napakamahal na pribadong paanakan. Ang totoo'y karamihan ng mga ina at sanggol na namamatay ay hindi dahil sa panganganak kundi sa mga problemang pangkalusugan na kaugnay ng karalitaan.

Lalo pang pinalabnaw ang batas na isinulong ng mga organisasyon ng kababaihan at progresibong partido ukol sa *reproductive health* at ipinaubaya sa Simbahang Katoliko ang pagpapasya sa kalusugan ng kababaihan. Kinapon ang mga serbisyong panlipunan at pinalitan ng 4Ps na nagtatali sa mga ina sa mahihigpit na kundisyon ng mga ahensya ng reaksyunaryong estado. Higit itong naglimita sa kanilang kalayaan, lalo na sa paglahok sa mga hayag na demokratikong organisasyon.

Walang ginagawa ang gubyerno upang pangalagaan ang kababaihan laban sa karahasan. Ang sariling mga galamay nito tulad ng pulis, militar, paramilitar, mga ahensya sa turismo at empleyo, mga embahada sa ibang bansa at mga kulungan, ang pinakamasugid na tagapandahas sa kababaihan, laluna ng kababaihang itinulak ng karalitaan sa desperadong kalagayan.

Lalo pang lalala ang pang-aapi sa kababaihan sa harap ng pinaigting na panghihimasok militar ng imperyalismong US. Bahagi nito ang muling pagbabaseng militar ng US sa Pilipinas sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement, bagay na mariing tinututulan ng

kababaihan dahil palalalain nito ang talamak na prostitusyon at iba pang mala-impyernong pang-aapi ng mga tropang Amerikano sa kababaihang Pilipino.

Kaugnay rin nito ang kasalukuyang gerang Oplan Bayanihan na idinisenyo at ipinataw ng US. Sa pananalasa ng militar sa mga kampanyang ito, libu-libong kababaihan ang pinatay, ikinulong, nilumpo, tinortyur at ginahasa, binalo, inulila, at pinalikas sa kanilang mga tahanan.

Dapat matapang na labanan ng kababaihan ang pananalasa ng neoliberal na globalisasyon na mukha ng imperyalismo sa kasalukuyan. Mahalagang makiisa ang kababaihan sa lahat ng demokratikong pwersa sa buong daigdig na lumalaban sa pananalanta ng mga pwersa ng neoliberalismo—ang mga monopolyong kapitalista at kanilang mga estado at militar.

Dapat ilantad ang mga pambabaluktot at panlilinlang ng imperyalismo ukol sa kalagayan at papel ng kababaihan sa kasalukuyan. Isulong ang malawakang partisipasyon ng kababaihang anakpawis sa mga kilusang pambansa-demokratiko sa sariling bayan at makiisa sa mga organisasyon ng kababaihan sa iba't ibang bayan.

Walang tantan na labanan ang lahat ng pananalanta ng Oplan Bayanihan. Labanan din ang kasuklam-suklam na mga krimen ng mga burukrata-kapitalista at mga upisyal militar laban sa sambayanan.

Kayang-kaya ng kababaihang manggagawa na manguna o lumalahok sa pagtatayo at pagpapaunlad ng mga unyon sa mga pabrika at mga linya ng trabaho. Kayang-kaya rin nila na magpasimula o tumulong sa pagtatayo ng mga pangkalahatang organisasyon sa komunidad nila at magbuo ng mga tsapter at proyekto ng kababaihan tulad ng mga *day care center*, klinika at kooperatiba.

Dapat ipaunawa sa mga kabataan at estudyanteng aktibista, laluna sa kabataang kababaihan, na

mabigat para sa manggagawang kababaihan na may sahurang trabaho, gawaing unyon, at gawain sa tahanan na mag-organisa pa rin sa komunidad. Malaki ang puwang dito para sa pagtulong ng mga kabataan at estudyante sa pag-oorganisa sa mga komunidad at sa pagpapatakbo ng mga proyektong pangkomunidad, laluna yaong malapit sa paaralan o sa kanilang mga tirahan.

Tungkulin ng kababaihan na tumulong sa pag-oorganisa ng iba pang mga pambansa-demokratikong organisasyon, saanman may pagkakataon. Dapat maging masigla ang mga talakayan at laging iniuugnay ang mga isyung pangkababaihan sa mga pangkalahatang layunin ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Dapat patuloy na isulong ng kababaihang magsasaka ang pag-oorganisa sa magsasaka at kapwababae, at sa mga pamilya nila para sa reporma sa lupa at sa pagpapatatag ng mga rebolusyonaryong base sa kanayunan. Narito ang pinakamalapit na pagkakataon sa panimulang pagpapalaya sa kababaihan sa larangan ng pulitika at ekonomya, sa demokratisasyon ng pamilya, at sa pagbuo ng bagong mga relasyong panlipunan na may pagkakapantay-pantay at nagtutulungang lumalaban para sa bayan.

Walang ibang landas ang kababaihan sa paglaya mula sa diskriminasyon, pang-aapi't pagsasamantala ng imperyalistang globalisasyon kundi ang lubusang paglahok sa kilusang rebolusyonaryo. Nilalagot ng mulat na mga kababaihan ang kadena ng tradisyunal na mga pananaw na naglilimita sa kanilang pagkilos at tumatangan ng armas bilang mga Pulang mandirigma at kumander ng BHB.

Tanging sa pagpapabagsak sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo at pagsusulong ng sosyalismo makakamit ng kababaihan ang tunay na pagkakapantay-pantay at mapapalaya ang sarili mula sa mga pang-aapi ng kasalukuyang lipunan. AB

Kababaihan at NSS

Katangitangi ang pansin na ibinigay ng National Security Strategy (NSS) ng gubyernong Obama ng US sa kababaihan sa paglalagatag nito ng estratehiya para sa imperyalistang hegemonya. Sa dokumento nito, ilang ulit na binanggit ang sektor bilang espesyal na grupong pagtutuunan nito ng pansin. Binigyan-diin nito ang partikular na pag-oorganisa sa kababaihan sa ilalim ng huwad na mga programa nitong kontra-kahirapan para diumano mabigyan sila ng sapat at pantay na mga oportunidad sa empleyo, kalusugan, edukasyon at iba pa.

Ginagamit ng US ang mga pakitang-taong programa na diumano'y tugon sa kalunus-lunos na kalagayan ng kababaihan para pagtakpan ang masidhing epekto ng mga interbensiyong militar at gerang agresyon na inilulunsad nito sa iba't ibang bahagi ng mundo.

Anang NSS, may papel ang kababaihan sa “pagkontra sa palaging banta ng terorismo.” Sa mga bansang target nito, tulad ng Syria at Libya, itinatatag ng imperyalismong US ang mga programang partikular na tumarget sa kababaihan. Kabilang dito ang pagpapalaganap ng *microfinance*, na una nang ibinandila bilang “tagapagbigay-kapangyarihan sa kababaihan” at iba pang iskema ng pagpapautang kapalit ng mahihigpit na kundisyon.

Malimit ding gamitin ng US ang hangarin ng kababaihan na makapag-aral at makapagtrabaho. Sa Afghanistan, ipinamamarali nito ang pagtatatag ng mga eskwelahan para sa mga batang babaeng Afghan. Ginamit ng US ang programang ito para pasukin ang pinakamatitigas na balwarte ng kalaban nitong Taliban, at sa parehong panahon, pagmukhaing makatao ang gerang agresyon sa internasyunal na komunidad.



Aktibo ring ginagamit ng US ang mga grupong kababaihan bilang “tagapamagitan ng kapayapaan” at bahagi ng kampanya kontra-insurhensya. Sa Pilipinas, ang 4Ps na isang mahalagang aspeto ng Oplan Bayanihan, ay nakatutok sa mga ina. Lubhang interesado rin ang US sa kababaihang Bangsamoro. Itinayo at pinondohan nito ang iba't ibang grupo ng kababaihan na nakakabit sa iba't ibang proyektong pang-ekonomya nito, na sa simula'y kunwang mga programang nagbibigay-kapangyarihan sa kababaihan.

Malaon nang pambabaluktot ng imperyalismo

Malaon nang binaluktot ng imperyalismo ang ipinaglalaman ng mga kababaihang “pagbibigay-kapangyarihan” o *empowerment*. Isinasantabi nito ang mga pakikibaka ng kababaihan na bahagi ng uri, lahi at bayang inaapi bilang landas para sa kanilang paglaya. Sa halip, ang ipinalalaganap nitong “women empowerment” o ang pagpapaloob sa kanila sa iba't ibang antas sa mga programa at istruktura ng reaksyunaryong gubyerno o kapi-

talistang korporasyon. Ihinihiwalay nito ang pakikibaka ng kababaihan sa mga usapin ng kahirapan, pambansang kasarinlan, imperyalismo at *geopolitics*.

Ang pakikibaka ng kababaihang manggagawa na inspirasyon ng Socialist Party of America sa paglulunsad ng kauna-unahang Pandaigdigang Araw ng Kababaihan noong 1909 ay binubura. Inililiping sa limot ang papel ng martsa para sa “Tinapay at Rosas” noong Marso 8 (Pebrero 28 sa kalendaryo ng Russia) sa pagpapasiklab ng Rebolusyong Pebrero ng 1917. Pilit inaalis sa kasaysayan ang papel ng mga sosyalistang sina Clara Zetkin, V.I. Lenin at Alexandria Kollontai na gawin itong isang pandaigdigang paggunita noong 1911.

Ang tema ng United Nations para sa 2016 na Araw ng Kababaihan ay “Planet 50-50 by 2030: Step It Up for Gender Equality” sa tangkang pakitirin ang kilusang kababaihan sa usapin ng pagkakatantay-pantay ng kasarian. Sinakyan ito ng mga kumpanyang pampinansya na nag-oorganisa naman ng mga aktibidad sa kampanyang #PledgeForParity. AB



Sabay-sabay na opensiba ng BHB sa NEMR

Sa ika-30 taon ng Pag-aalsang EDSA, naglunsad ng koordinado at sabay-sabay na atake ang Bagong Hukbong Bayan-Northeast Mindanao Region (BHB-NEMR) noong Pebrero 25 laban sa mga kampo ng mga armadong galamay ng reaksyunaryong estado sa rehiyon.

“Layon ng mga atakeng ito na bigyang diin ang kahalagahan ng armadong pakikibaka sa paggunita ng EDSA I; bagamat ipinagmamalaki ng rehimeng US-Aquino ang kaniyang 'mapayapang rebolusyon,' kasalukuyan namang naglulunsad ng mararahas na atake ang mga militar sa mga mamamayan sa kanayunan,” ayon kay Maria Malaya, tagapagsalita ng National Democratic Front – NEMR.

Sa paunang ulat, aabot ng 19 na taktikal na opensiba ang inilunsad ng iba't ibang yunit ng BHB sa buong rehiyon laban sa sumusunod:

Mga Army-CAFGU detatsment sa:

1. San Pedro, Lianga, Surigao del Sur, alas-1:19 ng umaga
2. Panaytay, Bayugan, Agusan del Sur
3. Ugoban, Tagbina, Surigao del Sur, alas-6:19 ng umaga
4. Sityo Kusip, Bayugan 3, Rosario, Agusan del Sur, alas-6:44 ng umaga
5. Brgy. Tagasaka, Hinatuan, Surigao del Sur
6. Villa Undayon, Bayugan, Agusan del Sur
7. Mt. Carmel, Bayugan, Agusan del Sur
8. Bunyasan, Malimono, Surigao del Norte, alas-12:00 ng umaga
9. Tagbayani, Sison, Surigao del Norte, 12:05 ng umaga
10. Cabongbongan, Surigao City, Surigao del Norte, alas-12:06 ng umaga
11. Mayag, Mainit, Surigao del Norte, alas-12:10 ng umaga

12. Bunyasan, Malimono, Surigao del Norte, alas-10:00 ng umaga

13. Tagbayani, Sison, Surigao del Norte, alas-5:00 ng umaga

Iba pang detatsment at *outpost*:

14. Army-SCAA detatsment sa JCA compound, Bayugan, Agusan del Sur, alas-5:30 ng umaga

15. Army-SCAA detatsment sa JCA Compound, Bayugan, Agusan del Sur, alas-6:00 ng umaga


16. Alpha Company 29th IB hedkwarters sa Bangonay, Jabonga, Agusan del Norte, 4:07 ng umaga

17. Alpha Company 29th IB outpost sa Bangonay, Jabonga, Agusan del Norte

18. Mga tropa ng 26th IB na naglulunsad ng operasyong kombat operations at Community Organizing for Peace and Development (COPD) sa Imelda, Bunawan, Agusan del Sur, alas-5:00 ng umaga

19. Iligal at mapaminsalang tistisan ng troso sa Bangonay, Jabonga, Agusan del Norte na pagmamay-ari ng isang pulis

Dagdag pa ni Malaya, ipinapakita ng mga opensibang ito na kailangan ng armadong rebolusyon sapagkat ang diumano'y 'mapayapang People Power Revolution' ay hindi nakapagbigay ng tunay na solusyon sa mga batayang suliranin ng mamamayang Pilipino. Tatlum-pung taon matapos ang EDSA, ang malalaking burgesya kumprador, panginoong maylupa at amo nitong imperyalismong US at dinastiyang pulitikal ay nanatiling nasa kapangyarihan at may kontrol sa



ekonomya ng bayan. Kung kaya, tanging

ang pambansa-demokratikong rebolusyon lamang ang nananatiling solusyon.

Negros. Inambus ng BHB-Negros noong Pebrero 18 ang Candoni Municipal Police. Napatay sa naturang opensiba sina Police Officer 3 Joeharry Peralta at PO1 Henry Pacheco habang sugatan ang tatlo pa nilang kasama.

Ayon kay Andrea Guerrero ng Armando Sumayang Jr. Command ng BHB-Southwest Negros Island Front, sangkot ang naturang mga pulis sa operasyon ng iligal na droga at sugal sa bayan ng Candoni. Nakumpiska ng BHB ang dalawang armalayt at isang kalibre .45 na pistola.

Ani Guerrero, magpapatuloy pa ang kanilang mga opensiba upang pahinain at pigilan ang naghaharing sistema ng kumprador-panginoong maylupa.

Albay. Isang sundalo ang nasugatan nang paputukan ng isang tim ng BHB-Albay ang detatsment ng 22nd IB sa Barangay San Ramon, Daraga, noong Pebrero 26, bandang alas-6 ng umaga. Nasugatan si Sgt. Lorenzo Hernan sa operasyon. Ang naturang detatsment ay katatayo pa lamang noong Pebrero 12. **AB**

Anim na taong pagsagka ni Aquino sa negosasyong pangkapayapaan

Ang rehimeng US-Aquino ang may pananagutan sa pagkasuspende ng negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng Guberno ng Pilipinas (GPH) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Ito ang ipinahayag ni Luis G. Jalandoni, tagapangulo ng NDFP Negotiating Panel matapos magsinungaling sa publiko ang tagapagsalita ng rehimen na si Edwin Lacierda na tumanggi umano ang NDFP na makipagharap sa negosasyon.

Ayon kay Jalandoni, ni minsa'y hindi nagpakita ng interes ang rehimen na magkaroon ng kasunduang pangkapayapaan sa NDFP. Nang unang humarap ito sa pormal na usapan noong Pebrero 2011, idineklara agad ng rehimeng Aquino na "isang dokumento ng walanghanggang pagkakahati" ang 1992 The Hague Joint Declaration. Isa itong tangkang balewalain ang nasabing deklarasyon, pati na ang makasaysayang mga kasunduang binigyang-daan nito, tulad ng Comprehensive Agreement on the Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Isahang-panig na idineklara ng GPH na "walang-bisa" ang Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) na nagbibigay-garantiya sa mga personaheng sangkot sa usapan. Sa pagbalewala sa JASIG, dinakip at idinetine ng GPH ang hindi bababa sa 16 na konsultant ng NDFP. Liban pa, lumubha ang mga kaso ng ekstrahudisyal na pagpatay, pagdukot, pambobomba ng mga komunidad, at maraming iba pang tipo ng paglabag sa karapatang-tao. Tumanggi rin ang GPH na buuin ang Joint Monitoring Committee na itinakda ng CARHRIHL na magsisiyasat sa mga isinampang kaso ng paglabag.



Inantala ng GPH ang negosasyon noong Hunyo 2011 nang hindi nito pinalaya ang mga konsultant ng NDFP alinsunod sa JASIG. Matapos nito, nag-alok noong 2013 ang GPH ng planong pagtatagpo nina Noynoy Aquino bilang Presidente ng GPH at si Jose Maria Sison bilang Tagapangulong Tagapagtag ng Partido Komunista ng Pilipinas. Kapital nito, ipinilit ng mga kinatawan ng GPH ang pagkakaroon ng agaran, isahang-panig, at walang-taning na mga tigil-putukan. Taliwas ito sa mungkahi ng NDFP na isang mutwal na pinagkasunduang tigil-putukan. Muli ring umayaw ang GPH na pag-usapan ang pagpapalaya sa mga detenidong konsultant at ang mga pagdukot at ekstrahudisyal na pagpatay.

Tinanggihan din ng GPH ang pagtalakay sa mga batayang usapin ng reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon, na susi para umusad ang pagbalangkas ng kasunduan para sa mga panlipunan at pang-ekonomyang reporma. Sa halip, tinawag ang mga ito ng GPH bilang "mga konseptong kargado sa ideolohiya". Noong Abril 2015, idineklara ng pinuno ng panel ng GPH na si Alex Padilla na ang gusto lang ng GPH ay magkaroon ng tigil-putukan at wala na itong balak na pag-usapan pa ang panlipunang ugat ng armadong tunggalian.

"Special Track" ng usapan

Noon pang Hunyo 2011 ay nagbigay na ang NDFP sa rehimeng US-Aquino ng Panukala Para sa Alyansa at Pagtigil ng Labanan. Tinagurian itong "special track" at naghahapag ng Sampung-puntong Maiksi at Malinaw na Kasunduan para sa Agaran at Makatarungang Kapayapaan. Katulad ng mga pormal na usapan (o "regular track"), nilalayan din ng "special track" ang pagkakamit ng makatarungang kapayapaan. Ang ipinapanukala nitong alyansa at pagtigil ng mga labanan ay hakbang sa pagbubuo ng tiwala para sa pagsusulong ng mga pormal na usapan, kabilang din ang mga kooperasyon sa mga proyektong maaaring isagawa ng dalawang panig. Para sa NDFP, sa mismong araw na magkapirmahan ang GPH at NDFP sa naturang kasunduan ay magagawang itigil ang mga labanan.

Gayunpaman, itinatangi ng GPH ang pagtalakay sa "special track" sa bawat pagharap nito sa usapan. Inamin na rin mismo ni Sec. Teresita Deles, pinuno ng Office of the Presidential Adviser to the Peace Process, na ayaw na nilang bumalik sa "regular track."

Noong Oktubre at Disyembre 2014, tinanggap ng NDFP ang mga kinatawan ng GPH sa pangunguna

ni dating Department of Agrarian Reform Secretary Hernani Braganza. Naglayon ang dalawang panig na makabuo ng Borador na Kasunduang Pangkapayapaan na nagpapanukala ng kooperasyon at pagtigil ng labanan sa loob ng termino ni Aquino. Muling nagpulong ang dalawang panig noong Pebrero 2015 upang ihapag ang kani-kaniyang mga borador. Ngunit ang mga inisyatibang ito, kabilang na ang pagsisikap din ng Third Party Facilitator na Royal Norwegian Government, ay pawang nabalewala nang Deles at hindi naman inakusyunan ni Aquino.

Papel ng imperyalismong US

Sa katunayan, ang mga maniobra ng rehimeng Aquino laban sa negosasyon simula pa noong Pebrero 2011 ay sumusunod sa disenyo ng imperyalismong US. Katambal ng mga pakana ng GPH sa negosasyong pangkapayapaan ang brutal na Oplan Bayanihan na pinasimulan sa pagbubukas ng taon ding iyon. Ito ang pangunahing paraan ng rehimeng US-Aquino sa pagharap sa rebolusyonaryong kilusan, at naakaayon sa US Counterinsurgency Guide of 2009. Para sa US, ang negosasyong pangkapayapaan ay instrumentong pansaywar upang

mapabaligtad ang mga rebolusyonaryo o kaya'y itulak sila sa pagsuko.

Batay dito, tanging layunin ng GPH ang pagpapatahimik at pagpasuko sa mga rebolusyonaryong pwersa sa pamamagitan ng mga walang taning at isahang-panig na tigil-putukan nang hindi tinutugunan ang mga batayang repormang itinatakda ng Hague Joint Declaration at ng iba pang sumunod na kasunduan. Noong Disyembre 2014, nagpain ng tigil-putukan ang GPH, ngunit sa kabila ng bukambibig nito ukol sa kapayapaan, ay nagtambak ng malaking pwersa ng AFP-PNP sa Mindanao upang atakehin ang mga rebolusyonaryong pwersa at ang mamamayan doon.

Umaasta ang GPH na tagapagtaguyod ng negosasyong pangkapayapaan. Ang totoo, naglalagay ng lahat ng balakid ang GPH sa pagusad ng mga negosasyon. Kinundena ng NDFP ang mga kasinungalingan at pambabaluktot ng GPH na nagtatangkang isisi sa NDFP ang pagkahinto ng mga negosasyon.

Sa simula't sapul, ang balangkas ng "counterinsurgency" ng imperyalismong US ang pangunahing naging balakid sa negosasyong pangkapayapaan. Sa Oplan Bayanihan, ang pakikipag-usapang pang-

kapayapaan ay mainam lang sa GPH kung mapasusuko o manyunutralisa ang NDFP. Sa harap ng matatag na paninindigan ng NDFP na lutasin ang mga usapin sa likod ng armadong tunggalian, nawawalan ng saysay para sa US at AFP na suportahan pa ang usapan.

Dagdag pa, ang kasunod na binubuong kasunduan ay tumatalakay sa batayang reporma sa naghaharing sistema na maglalantad sa saligang mga problema ng bayan. Taliwas ito sa interes ng imperyalismong US.

Gayunpaman, walang ilusyon ang NDFP na makakamit ang tunay na kapayapaan sa pamamagitan lamang ng mga negosasyon. Isang porma lamang ito ng pakikibaka upang wakasan ang mga salot ng imperyalismong US, pyudalismo, at burukrata kapitalismo.

Upang mapanghawakan ang kanyang pampulitikang katayuan sa pakikipagharap sa GPH, humahango ang NDFP ng lakas mula sa armadong paglaban ng mamamayan, sa demokratikong kilusang masa, sa parlamentaryong pakikibaka, at sa mga ligal na pakikibaka sa mga korte. Ang buong rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan ang magbibigay sa kanila ng inaasam na makatarungang kapayapaan. **AB**

Pamanang utang ni Aquino

Sa pagtatapos ng termino ng rehimeng US-Aquino, mag-iwan ito ng P6.4 trilyong kabuuang pambansang utang (aktwal at ginarantiyahan), katumbas ng P62,000 utang kada Pilipino.

Ang pagbuhos ng pondong inutang sa panahon ng panunungkulan nito ang isa sa lumikha ng ilusyon ng kaunlaran na itinulak ng US. Pinalala nito ang depisit sa kalakalan at paggasta at lalong ipinailalim sa kontrol ng lokal at dayuhang bangko at mga ispekulador sa pinansya ang buong ekonomya ng bansa.

Mula 2010-2015, nangutang ang rehimeng Aquino nang P4.16

trilyon para mabayaran nito ang dating mga utang at punan ang taunang depisit ng pinalobo nitong badyet. Sa lahat ng mga rehimen mula nang ibinagsak ang diktadurang Marcos, ang rehimeng Aquino ang pinakamalaki ang abereyds na inutang kada taon.

Mula 2011 hanggang 2015, nasa abereyds na 48.2% ng lahat ng bagong utang ang awtomatikong ini-

lalaan para sa pagbabayad ng dating utang. Para sa 2016, \$1.5 bilyon sa \$2 bilyong kabuuang dayuhang utang ng rehimen ay mapupunta rito.

Kabilang sa mga awtomatikong binabayaran ang mga utang mula sa mga dating proyektong walang silbi at batbat ng anomalya. Halimbawa nito ang mga utang ng Bataan Nuclear Power Plant na kailanman ay hindi napakinabangan mula nang itayo ito ng diktadurang US-Marcos. Noong 2015, binayaran ni Aquino ang utang mula sa limang maano-

malyang proyektong matagal nang inabandona.

Liban dito, tinustusan ng utang ang mahigit P900 bilyong garanti-sadong tubo ng mga kumprador na kasosyo nito sa mga proyektong PPP. Kabilang sa mga ito ang 38 proyektong pang-enerhiya, 10 proyektong pantransportasyon, limang proyekto sa sistema sa tubig, pitong proyekto sa *information technology* at siyam na proyektong *real estate* ng mga lokal na gubyernong kaalyado ng rehimen.

Gayundin, utang ang nagpapagulong sa 4Ps ng rehimen. Kabilang dito ang \$400 milyon mula sa Asian Development Bank at \$450 milyon mula sa World Bank. Tinatayang

	DISYEMBRE 2010	DISYEMBRE 2015
Pambansang utang	P 4.718 trilyon	P 5.954 trilyon
<i>lokal</i>	2.72	3.884
<i>dayuhan</i>	1.99	2.07
Garantisadong utang	P 550 milyon	P 438 milyon
<i>lokal</i>	100	137
<i>dayuhan</i>	450	303
KABUUAN	5.27 trilyon	6.4 trilyon

sanlima (1/5) sa kabuuang dayuhang utang ng bansa ay mula lamang sa dalawang institusyong ito.

Mayor na bahagi ng pangungutang ng rehimen (mahigit 93%) ang paglalabas ng mga bono na ibinebenta sa lokal at dayuhang komersyal na mga bangko at sa internasyunal na merkado na pangunahing tinatangkilik ng pinakamalalaking ispekulador ng kapital. Kalakhan ni-

to (89%) ay babayaran sa loob ng mahabang panahon (long-term). Mayorya ng mga bono ay nasa salaping dolyar, at sa gayon ay nakadepende sa taas-baba ng halaga nito.

Ang mabilis na paglaki ng utang ng Pilipinas sa ilalim ng rehimen ng Aquino ay patunay na walang matatag na pundasyon ang ekonomya ng bansa. Nananatiling palaasa sa dayuhang kapital ang atrasadong ekonomya ng Pilipinas. Hindi malayong lalagpak nang malaki ang Pilipinas oras na pumutok ang napipintong bagong pandaigdigang krisis sa pinansya at biglang pagliit ng pondong pwedeng ipautang para artipisyal na palutangin ang ekonomya nito.

AB

	UTANG Php	BILANG NG TAON	ABEREYDS NA UTANG BAWAT TAON
Cory Aquino	565.7 bilyon	6	94.28 bilyon
Fidel Ramos	372.3 bilyon	6	62.05 bilyon
Erap Estrada	571.6 bilyon	2	285.80 bilyon
Gloria Arroyo	5.4 trilyon	9	600.00 bilyon
Benigno Aquino	4.16 trilyon	6	693.33 bilyon

Daan sa panunumbalik ng mga Marcos, hinawan ng US

Ang lumalaking bilang ng mamamayang tutol sa paglahok ni Ferdinand Marcos Jr. sa eleksyon bilang bise-presidente sa darating na Mayo 2016 ay salamin ng kanilang disgusto sa nagpapatuloy na kabiguan ng naghaharing uri na usigin at parusahan ang mga Marcos at kanilang mga kroni sa kanilang mga krimen sa panahon ng pasistang diktadurang Marcos mula 1972 hanggang 1986.

Tusong binabago ng mga Marcos at kanilang kampo ang larawan ng 14-na-taong pamumuno ni Marcos sa ilalim ng Batas Militar. Bahagi ito ng estratehiya ng pamilyang Marcos at kanilang mga alyado para kumpletuhin ang kanilang pampulitikang panunumbalik, tatlong dekada matapos silang patalsikin ng mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng Pag-aalsang EDSA noong 1986.

Hinawan ng imperyalistang US at lahat ng rehimen matapos ang

pag-aalsang EDSA ang daan upang makabalik sa poder ang mga Marcos. Sa loob ng 20 taon, naging sunud-sunuran sa pang-ekonomya, militar at *geopolitical* na interes ng imperyalistang US ang diktadurang Marcos. Buo ang suporta ng gubyernong US nang ipataw ni Marcos ang Batas Militar noong 1972.

Bagama't pinatalsik sa Malacañang noong 1986, pinahintulatang manatili sa mga Marcos ang malaking bahagi ng kinamal nilang yaman at itago ito sa mga dayuhang

banko at ari-ariang *real estate*. Ang diumanong pagbawi ng gubyerno sa yaman ng Marcos mula pa noong 1986 ay naging pampulitikang palabas lamang. Ang mga kasong isinampa laban sa mga Marcos ng mga gubyerno matapos ang EDSA ay isaisang ibinasura, habang ang mga dinastiyang nasa kapangyarihan ay nagpakapal ng kanilang mga bulsa mula sa nakaw na yaman.

Ipinatupad ng imperyalistang US ang mga patakarang kumalinga at nagpahintulot sa pagbalik at rehabilitasyon ng mga Marcos at kanilang mga kroni. Layunin ng US na ibalik ang tiwala at katapatan ng mga Marcos na iniayos ng mga upisyal ng gubyernong US na maialis sa Malacañang sa gitna ng napakala-

king pagkilos ng mamamayan sa EDSA. Nais rin ng US na pahupain ang kontradiksyon sa pagitan ng mga Marcos at iba pang naghaharing paksyon at maiwasan ang ekstra-konstitusyunal na paraan ng pagpapalit ng rehimen gaya ng EDSA na nagpapahina sa reaksyunaryong estado.

Wala rin ni isa sa nagdaang rehimen matapos ang EDSA ang gumawa ng seryosong aksyon para panagutin si Imelda, iba pang mga Marcos at kanilang pinakamalalaking kroni.

Makalipas ang 1986, nabawi ni Eduardo “Danding” Cojuangco ang kontrol sa imperyo ng San Miguel Corporation. Tumakbo pa siya sa pagkapangulo noong 1992 at kalaunan ay naging tagapangulo ng Nationalist People's Coalition (NPC)

kung saan iwinawasiwas niya ang kanyang pampulitikang impluwensya. Ginamit niya ang kapangyarihang ito sa sumunod na mga rehimen at nakakuha siya ng malalaking kontrata at pabor. Malaki ang papel ng pera ng tiyuhin niyang si Cojuangco sa kampanya sa eleksyon ni Aquino para sa pagkapangulo noong 2010 para imanipula ang eleksyon gamit ang Smartmatic.

Noong nakalipas na linggo, sumali rin si Aquino sa panawagan laban sa pagtakbo ni Marcos bilang pangalawang pangulo. Ipokrito itong pagsakay sa panawagan na nauna nang inilabas ng pambansa-demokratikong mga aktibista at organisasyon. Habang kinukundena niya ang mga abuso sa karapatang-tao sa ilalim ni Marcos, pinagtata-

pan naman niya ang abuso at brutalidad na ipinatutupad ng AFP, paramilitar at pulis sa pamamagitan ng kontra-insurhensyang Oplan Bayanihan na dinisenyo ng US sa ilalim ng kanyang rehimen. Nililibak nito ang korapsyon sa ilalim ng diktadurang Marcos ngunit nilulunod naman ang talamak na korapsyon sa kanyang rehimen sa pag-uulit-ulit ng islogang “daang matuwid.”

Sa katotohanan, si Aquino at lahat ng presidente matapos ang EDSA ay dapat singilin sa kabiguan nilang kasuhan at papanagutin ang mga Marcos, kanilang mga kroni at kasapakat. Makatwiran ang pagtutol ng mamamayang Pilipino sa kampanya ni Marcos sa pagka bise-presidente at maging ang pagtatakip nito sa lahat ng krimen ng diktadurang Marcos. AB

Libo, nagprotesta sa EDSA

LIBO ang nagprotesta upang gunitain ang ika-30 taon ng Pag-aalsang EDSA noong Pebrero 25 sa Mandaluyong City. Nagmartsa patungo sa People Power Monument, sa lugar na pinagtitipunan ng mamamayan noon, pero bago pa sila makarating doon ay hinarang na sila ng mga pulis. Apat na beses na nalagpasan ng mga nagpuprotesta ang mga barikadang itinayo ng pulis bago nagpasyang idaos ang kanilang programa sa Ortigas Avenue sa nasabing syudad.

Lumahok sa pagkilos ang mga biktima ng Batas Militar na nangakong pipigilan ang tangka ni Ferdinand 'Bong-bong' Marcos, Jr. na makabalik sa Malacañang.

“Lumilitaw ngayon na ang mga demokratiko at makabayang aspirasyon ng mamamayan matapos ang EDSA ay binigo o hinadlangan ng mga humawak ng kapangyarihan. Pinalitan ng EDSA ang namumuno sa bansa sa pagpapatalik sa diktadura, pero hindi nito binago ang mga uring naghahari sa bansa. Nanatiling nasa ilalim pa rin tayo ng paghahari ng mga imperyalistang dayuhan, ng mga lokal na malalaking negosyante at panginoong-maylupa,” ayon sa Bagong Alyansang Makabayan.

Dagdag pa nito, sa 30 taon matapos ang pag-aalsang EDSA, malinaw na ang tunay na pagbabago ay nasa kamay pa rin ng mamamayan, sa ating sama-samang pagkilos at paglaban sa pagsasamantala't pang-aapi.

Nagkaroon din ng mga protesta sa Davao, Cagayan de Oro, Baguio at Bicol kung saan nakiisa ang daan-daang aktibista at mga organisasyong nagtataguyod ng karapatang pantao. Bago nito, binatikos ng mga pambansa-demokratikong organisasyon ang maniobra ni Aquino na ituon ang okasyon sa pagpuri sa kanyang inang si Corazon Aquino. AB

Kampanya laban sa mga Marcos, ikinasa

“KAMI naman po ay walang katapusan ang pag-asa, kahit sa pinakamadilim na panahon ng Batas Militar, noong lahat ng pwersa ng diktador ay laban sa amin,” wika ni Boni Ilagan, tagapagsalita ng Campaign Against the Return of the Marcoses in Malacañang o CAR-RMA.

Inilunsad noong Pebrero 22 ang CAR-RMA. Layon nitong pigilan ang tangka ng mga Marcos na bumalik sa Malacañang.

Nagtipon ang umaabot sa 800 kasapi ng CARMMA sa Bahay Alumni sa University of the Philippines-Diliman upang simulan ang pambansang kampanya para hadlangan ang tangka ni Ferdinand Marcos Jr. na makaupo bilang bise-presidente ng bansa. Nangangamba ang CARMMA na kung maging bise-presidente, magiging abot-kamay na ng nakababatang Marcos ang pagiging presidente ng Pilipinas.

Ayon kay Ilagan, habang di inaamin ni Bongbong Marcos ang mga kasalanan ng kanyang ama sa 20 taong panunungkulan nito, malaki ang potensyal na maging diktador din ito.


Kahit na may kasabihang di maipapasa sa anak ang kasalanan ng ama, hindi maikakaila ang katotohanang ginagamit at pinakikinabangan ni Bongbong at mga Marcos ang ninakaw na yaman noong panahon ng diktadura. AB

Mga kumpanya ng mina, tagapondo ni Roxas

Nalantad kamakailan na dalawa sa mayor na tagapondo ng kampanya ni Mar Roxas ay kabilang sa pinakamapaminsalang kumpanya sa pagmimina na may mahabang kasaysayan ng pandarambong, pang-aagaw ng lupa at militarisasyon. Sa partikular, nabunyag ang paggamit ni Roxas ng mga eroplano ng San Roque Metals Inc. (SRMI) at ng pondo mula sa Nickel-Asia Sumitomo Corporation para sa kampanya nito sa pagkapresidente at para siraan si Jejomar Binay.

Ang Nickel-Asia Sumitomo Corp. ay pag-aari ni Manuel B. Zamora, ika-29 na pinakamayamang Pilipino sa bansa, habang ang SRMI ay pag-aari ni Miguel Alberto Gutierrez. Dati itong pinamumunuan ng *campaign manager* ni Roxas na si Rep. Edgar Erice. Kapatid ni Zamora ang kasalukuyang *minority floor leader* ng Kongreso, si Ronaldo Zamora. Sina Zamora at Eric Gutierrez, ama ng kasalukuyang may-ari ng SRMI, ang pangatlong pinakamalaking kontri-byutor sa kampanya ni Aquino noong 2010.

Ang Nickel-Asia ang pinakamalaking suplayer ng *laterite* na nikel sa mundo. May mga minahan at iba pang empresa ito sa iba't ibang bahagi ng bansa. Isa sa pinakabago nitong pagmamay-ari ang Geogen Corporation sa Dinapigue, Isabela. Pag-aari rin nito ang Hinatuan Mining Corporation (HMC) sa isla ng Manicani, Guiuan, Samar; ang Taganito Mining at Cagdianao Mining sa Mindanao, at ang Rio Tuba Nickel Mining Corporation sa Palawan. May mga plantang *geothermal* ito sa Mindoro at Surigao sa ilalim ng Emering Power Inc. (EPI). Noong 2010, binili ng Nickel-Asia mula sa Anglo-American Mining Company ang sosyo sa Cordillera Exploration (CEXI), ang kumpanyang may hawak sa Financial Technical Assistance Agreement (FTAA) na sumasaklaw sa 14 bayan sa Ilocos Sur, Mountain Province, Abra, Kalinga at



Benguet.

Mula 2010-2015, limang ulit na lumaki ang iniluluwas na nikel ng kumpanya. Kahit bumabagsak ang mga negosyo sa daigdig, lumaki pa rin ng 10% ang iniluwat na nikel noong 2015, at umabot pa ng 19.7 milyong tonelada ang nailabas nito kumpara sa 17.9 milyon noong 2014.

Pagkilos at paglaban

Mahaba ang mapanirang kasaysayan ng mga minahang kapangalanig nina Roxas at Aquino. Noong nakaraang taon, tinuligsa ng mamamayan ang Geogen dahil sa pagpapabaya nitong bakuran ang *siltation ponds* at muling pagpapagana ng operasyon ng minahan na sumasaklaw sa 2,391 ektarya. Sa isla ng Manicani, inireklamo ng mga magsasaka na kumitid ang kanilang mga lupang sakahan dulot ng mga operasyon ng *open-pit mine* ng Nickel-Asia sa lugar. Bumagsak naman ang kita ng mga mangingisda dulot ng pagbabanlik ng mina. Mahigit isang milyong toneladang nikel ang nakaimbak sa isla nang suspindihin ang operasyon doon dulot ng pinsalang nagagawa ng minahan.

Kinasuhan ng Caraga Watch ang SRMI ng sobrang pagmimina (*over-extraction*) at malawakang pamiminsala sa kapaligiran ng Tubay, Agusan del Norte. Ito ay dahil nagmina ang kumpanya nang lam-

pas sa ipinahintulot sa batas at gumamit ng malalaking makinarya at mga eksplosibo. Dahil dito, naobligang DENR na ipasara ang minahan sa Tubay noong 2006. Sa kabila nito, ginantimpalaan ni Aquino ang SRMI ng "environmental award."

Sa Cordillera, nagpetisyon ang mamamayan laban sa aplikasyon para sa Free, Prior & Informed Consent ng apat na *exploration permit* ng CEXI.

Armadong pagtutol

Bilang pagsuhay sa pagtutol ng mamamayan, inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan ang pamarusang mga hakbang laban sa mga kumpanyang ito. Noong Oktubre 2015, isinagawa ng BHB-Isabela o Reynaldo Piñon Command (RPC) ang reydy sa Geogen. Winasak nito ang 14 na sasakyang pangmina, kabilang na ang limang *backhoe*, isang bulldoser, dalawang siksabay, isang Isuzu Dmax 4X4, isang *payloader* at isang Pajero ang sinunog.

Matatandaang magkasabay na nireyd ng BHB-Northeast Mindanao Region ang Taganito Mining sa Claver, Surigao del Sur at SRMI sa Tubay, Agusan del Norte noong 2011. May 200 malaking makinarya ng Taganito kabilang ang mga *dump truck*, bulldoser, *backhoe* at pitong *barge* ang sinunog noon.

AB

Haran Compound, sinunog ng militar



SINUNOG ng mga elementong militar at paramilitar ang Haran Compound kung saan pansamantalang tumutuloy ang mahigit 700 Lumad na lumikas sa kanilang mga komunidad dahil sa militarisasyon. Nasugatan sina Elondia Dumol at ang kanyang anak, Loyal Manayab at ang kanyang 2-taong anak na lalaki at isa pang menor-deedad. Tatlo sa kanila, kabilang ang 2-taong bata, ang kinailangang dalhin sa ospital.

Ayon kay Jong Monzon, pangkalahatang kalihim ng PASAKA, alyansa ng mga organisasyon ng Lumad sa rehiyon ng Southern Mindanao, nagising sila nang alas-2 ng madalng araw dahil sa amoy ng gasolinang ibinubuhos sa bubong ng kanilang mga tent at kubo sa loob ng evacuation center. Limang kubo na ang natupok nang maapula ang sunog.

Dagdag pa ni Monzon, may nakita silang lalagyan na may gasolina na ginamit ng mga suspek.

Sampung minuto matapos ang apoy sa loob ng compound, nasunog din ang dormitoryo ng United Church of Christ in the Philippines compound, halos 100 metro mula sa mga bakwit. May tumutuloy ditong 20 mag-aaral sa kolehiyo at manggagawa sa Haran Compound. May

nakita ring isang-litrong bote na may lamang gasolina at dalawang hanay ng *barbed wire* na pinutol para makapasok sa loob ng compound.

Nakasakay sa mga motorsiklo ang kalalaking nanunog, isang kilalang modus ng militar. Matapos ibunyag ng mga Lumad ang mga pangyayari, ininsulto pa sila ng militar sa pagsasabing ang mga Lumad mismo ang nagsunog ng kanilang mga tinutuluyan para "makalikom ng pondo." Kinundena ng mga Lumad ang pambabaluktot na ito. Mariin din ang pagbatikos ng mga taong simbahan sa pang-aatake sa kanilang ari-arian. Bumuhos naman ang suporta sa mga Lumad mula sa loob at labas ng bansa. AB

Presyo ng mais sa ComVal, naitaas

MATAGUMPAY na iginiit ng mga magsasaka ng Maco, Compostela Valley ang pagtaas ng presyo ng kanilang produktong mais sa pangunahing komersyante na siya ring may-ari ng pinakamalaking gilingan sa kanilang lugar. Mula P12/kilo, naging P13.50/kilo ang presyo ng mais at P10 mula P8 kada kilo ang presyo ng *corn residue* o latak sa gilingan.

Nakamit din nila ang pagbaba ng presyo ng ibinebenta ng komersyante na giniling na mais mula P24 tungong P23; ang presyo ng sakong ginagamit para sa giniling na mais mula P9.50 tungong P8.80 at ang singil sa pagpapagiling mula P3 tungong P1.50 kada sako.

Kinumpronta ng mga magsasaka ang komersyanteng si Eduardo Gonzaga matapos ang dalawang araw na barikada sa gilingan ng komersyante sa sentrong bayan noong huling linggo ng Pebrero.

Kinwenta ng mga magsasaka na sa dating presyong P24/kilo kada sakong bigas-mais, kumikita si Gonzaga ng P1,050 bawat sako. Liban pa rito, kumikita siya nang hanggang P4,500 mula sa ipa at P900 mula sa darak sa bawat 15 sakong mais. Sa gayon, umaabot sa P26,000 ang kinikita ni Gonzaga sa bawat 15 sakong bigas ng mais, na kadalasa'y ani ng isang magsasaka pa lamang. Walong taon nang tinitii ng mga magsasaka ang pamamalakad ni Gonzaga.

Pinangunahan ang barikada ng mga magsasaka ng grupong KAMMAO at Hugpong sa Mag-uuma sa Walog Compostela (Kalipunan ng mga Magsasaka sa Compostela Valley o HUMAWAC), kapwa kaanib na organisasyon ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. AB

IMF, pinaburan ang Ukraine

NOONG nakaraang taon, binago ng International Monetary Fund (IMF) ang mga patakaran nito sa pautang para palakasin ang pusisyon ng imperyalismong US sa Eastern Europe. Sa partikular, binago nito ang pinaiiral na pamantayan para mapautang ang papet nitong gubyerno sa Ukraine, isa sa mga bansang naging larangan ng *proxy war* sa pagitan nito at Russia.

Noong 2014, inupat ng US ang kudeta ng mga pasistang grupo na nagpabagsak sa lehitimo at demokratikong pamahalaan sa Ukraine na makarussia. Bago bumagsak, umutang ang gubyrnong ito sa Russia nang \$3 bilyon na may maluluwag na kundisyon sa pagbabayad.

Nang iluklok sa poder noong 2014, idineklara ng bagong gubyrnong Ukraine na makarus sa hindi nito babayaran ang utang nito sa Russia. Binalasa nito ang sariling mga utang na umaabot na sa \$15 bilyon at arbitraryong ipinawalambisa ang \$3 bilyon utang nito sa Russia.

Noong nakaraang Disyembre, nagdesisyon ang IMF na pautangin ang Ukraine sa kabila ng naka-saad sa mga patakaran nito na nagbabawal sa pagpapautang sa isang kasaping bansa na nagpawalambisa sa utang nito sa isa pang bansang kasapi ng IMF. Ang Russia ay kasapi ng IMF. Ang pagpapautang ng IMF sa Ukraine ay taliwas din sa pinaiiral nitong patakarang nagbabawal magpautang sa bansang sangkot sa gera sibil o digma sa ibang estadong kasapi rin ng IMF. AB